



## ANG BAGONG ONTARIO BUSINESS REGISTRY – PANGKALAHATANG IMPORMASYON

### Buod

Sa Oktubre 19, 2021 maglulunsad ang gobyerno ng Ontario ng bagong talaan ng negosyo (business registry). Mapapadali at magagawang abot-kaya ng modernong online na serbisyong ito para sa milyon-milyong mga negosyo at mga korporasyong hindi pangkalakal (not-for-profit corporations) na makatanggap ng mga serbisyo mula sa gobyerno ng Ontario tulad ng pagrerehistro ng negosyo, pag-incorporate bilang isang not-for-profit, at pag-file ng taunang return.

Sa pinaka-unang pagkakataon, ang mga tao sa buong probinsiya ay magkakaroon ng paraan na direktang makatanggap ng mahigit sa 90 serbisyo 24 na oras sa isang araw, 365 araw sa isang taon at kaagad makumpleto ang mga elektronikong transaksyon, sa halip ng sa pamamagitan ng koreo o ng fax.

Halimbawa, ang mga pagpaparehistro o pagpa-file na dati ay isinusumite sa pamamagitan ng koreo o fax, at tumatagal nang apat hanggang sa anim na linggo para makumpleto, ay maaari nang agarang matapos gamit ang online na registry.

Upang masuportahan ang pagbawi ng ekonomiya ng Ontario makalipas ng pandemic, sinisiguro namin na mabilis at madaling matatanggap ng mga negosyo ang mga serbisyo upang mabawasan ang kanilang mga gastos at mabigyan sila ng pagkakataon na ituon ang kanilang panahon at lakas para muling makabawi.

Ang kasalukuyang sistema ay halos 30 taon na ang katandaan at tumatakbo ito sa pamamagitan ng lipas na teknolohiya. Papalitan ng bagong Ontario Business Registry ang mabagal at magulong sistema na ito upang matugunan ang mga pangangailangan ng ating modernong ekonomiya at ang mabilis na lumalawak na digital na mundo.

### Ang bagong business registry ay:

- Gagawing mas madali na makapag-rehistro at makapag-mentina ng mga negosyo, at pati na rin upang makasunod sa kautusan ng gobyerno ukol sa pag-file sa pamamagitan ng isang pinadaling digital na pamamaraan.
- Makatitipid ng panahon dahil sa paglaan ng maraming produkto at serbisyo ng gobyerno, at magbigay ng kumbinyenteng mga alternatibo sa mga pamamaraan na magastos sa oras at naka-base sa paggamit ng mga papel.
- Mababawasan ang kahirapan at gastos para sa mga negosyo sa Ontario gamit ang isang pina-simpleng bayarin, libreng paghahanap, at pinagsamang mga produkto sa paghahanap.

### Mga katangiang bahagi ng business registry:

- Mahigit sa 90 mga serbisyo na maaaring makuha sa online 24 na oras sa isang araw, 365 araw sa isang taon.
- Mabilis na serbisyo at ang mga dokumento at resibo ng transaksyon ay matatanggap mo sa email.
- Mga pamamaraan sa pagbeberipika upang matulungan ang mga gumagamit na manatiling ligtas at walang pagkakamali ang kanilang ginagawa.
- Mga probisyon na kaagad nang nakalagay para sa mas mabilis na pag-incorporate para sa mga negosyong hindi pampublikong itini-trade.
- Mga awtomatikong paunawa sa email upang masigurong nasusunod ang mga bagay na dapat i-file.
- Pinabuting pamamaraan sa paghahanap na nagbibigay ng pagkakataon para makapaghanap nang libre at pinagsamang mga produkto sa paghahanap, at dahil dito ay naalis na ang pangangailangan para sa maraming mga dokumento.

- Pina-simpleng pag-incorporate at pagmementina ng mga korporasyong hindi pangkalakal sa online sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Not-for-Profit Corporations Act, 2010.
- Mga QR codes na maaaring ma-scan ay nagbibigay ng pagkakataon para maberipika ang mga negosyo sa panahon ding iyon.
- Patuloy na pagsasama-sama sa tulong ng Service Providers ESC Corporate Services Ltd. at ecore ng Dye & Durham Corporation upang masuportahan ang pagpapatuloy ng negosyo.

## Mga Halimbawa ng Gumagamit

- ➔ Si Madalitso ay isang may-ari ng isang maliit na negosyo at nais niyang siya mismo na mag-incorporate. Upang maiwasan ang paghihintay na aabutin nang maraming linggo kapag gumamit ng koreo, lumiban siya sa trabaho – sa panahon ng oras ng negosyo – upang makapagbiyahe sa Toronto at nang personal niyang makumpleto ang rehistrasyon.

Kapag nailunsad na ang bagong Ontario Business Registry, **Makakapag-rehistro na sa online si Madalitso, sa anumang panahon na kanyang ninanais, at kaagad siyang makatanggap ng kumpirmasyon sa email.** Maaaring piliin ni Madalitso na kumpletohin ang mga kailangan niyang i-file taon-taon, baguhin ang address ng kanyang negosyo, o magkumpleto ng mahigit sa 90 iba pang mga transaksyon 24 na oras sa isang araw, 365 araw sa isang taon nang hindi na kinakailangan pang umalis sa opisina at lumiban sa kanyang trabaho.

- ➔ Si Gee ay nagtatayo ng isang Yoga studio at nais niyang siguraduhing wala nang iba pang mga negosyo na kasalukuyang gumagamit ng pangalan na kanyang napili. Hindi sigurado si Gee tungkol sa kaibahan ng limang mga opsyon sa pag-uulat at dahil dito, upang masiguro na makuha niya ang kanyang hinahanap, nag-order at nagbayad siya para sa maraming mga sertipiko.

Gamit ang bagong Ontario Business Registry, **makaka-order si Gee ng isang sertipikadong dokumento sa 40% lamang ng halaga:** ang *Katibayan na Walang Katugma (Certificate of No Match)*, na siyang pinagsama-sama ang limang dokumento na dating inihahandog. Agarang matatanggap ni Gee ang dokumento sa email, at dahil dito ay makatitipid siya ng panahon at pera.



## Mga kasunod na hakbang:

Upang manatiling napapanahon sa bagong impormasyon tungkol sa Ontario Business Registry, mag-sign up sa [Ontario.ca/BusinessRegistry](https://Ontario.ca/BusinessRegistry).